Ang ESKAPULARYO

PAHAYAGAN NG PAROKYA NG NUESTRA SEÑORA DEL CARMEN

VOL. 25, BLG. 1 SIMBAHAN NG BARASOAIN, LUNGSOD NG MALOLOS, BULACAN ENERO 2020



# TAONG 2019: ISANG TAON NG PASASALAMAT, PAGPAPANIBAGO AT PANANAMPALATAYA

## MGA NILALAMAN


| | |
|---|---|
| Taong 2019: Isang Taon ng Pasasalamat, Pagpapanibago at Pananampalataya | 1 |
| Taong 2020: Inilaan bilang "Year of Interreligious Dialogue, Ecumenism..." | 2 |
| Pamaskong Handog 2019: Patuloy na Pagbibigayan, Ating Pag-alabin | 2 |
| Mga Bagong Opisyal ng PPC, Nanumpa sa Tungkulin | 3 |
| Tuwa, Pag-asa, Hatid ng Bagong Dekada | 3 |
| Pasko at Mukhaan kong Nakita si Kristo | 4 |
| Kapistahan ng Kristong Hari: Ipinagdiwang ng Parokya | 4 |
| Retrofitting ng Simbahan, Patuloy | 4 |
| Mga Kabataan, Nagpakitang-Gilas sa Produksyong "The Greatest Showman" | 4 |
| Mga Balitang Pamparokya | 5 |
| Ang Kahalagahan ng Internet sa Pagpapalaganap ng Mabuting Balita | 6 |


Sa pagpasok ng panahon ng Kapaskuhan at sa nalalapit na pagsisimula ng panibagong taon, ang Parokya ng Barasoain ay patuloy na tumutugon sa hamon ng pagpapalaganap ng pananampalataya sa pamayanan na binuo ni Kristo para sa mga sumasampalataya.

Ang nagdaang taon ay puno ng hamon para sa mga mamamayan ng Parokyang ito. Sa kabila ng mga pagsubok, nagkaroon din ng pagkakataon upang tumayo ang lahat sa ikauunlad ng pananampalatayang Kristiyano.

Una sa lahat, nagpapasalamat ang Parokya sa suporta ng ating dalawang alagad ng Panginoon na naglilingkod sa Kanyang mga tupa, sina Reb. Padre Dario V. Cabral at Reb. Padre Ronald Rey H. Mangon, gayundin naman sa nagdaang naglingkod na si Padre Clarence Chilewa. Sa kanilang paggabay ay naging malakas at matatag ang tawag ng Diyos sa mga tao na nagsisimba sa Barasoain. Sa kanilang paggabay ay umuunlad ang pananampalatayang Kristiyano na patuloy na pinagniningas ng Simbahang ito at gayundin naman ay patuloy na nagiging tanyag ang Simbahan sa loob at labas ng Bulacan. Sa kanilang paggabay ay nabibigyang-liwanag ang mga tao na patuloy na maglingkod at umunawa sa mga bagay-bagay na inihanda ng Diyos para sa lahat.

Bukod sa ating mga kaparian, nais ding bigya ng pasasalamat ang bawat kasapi ng Simbahang ito na naglilingkod sa kabila ng mga hamon at pagsubok na dumarating sa buhay ng bawat mananampalataya. Sa kanilang pagsusumikap ay naisasakatuparan ang adhikain ng Simbahan na maipahayag ang Mabuting Balita sa puso ng bawat mananampalataya at dalhin sila sa kapayapaan ni Kristo.

Ang bawat isa na nabanggit ay bumubuo sa Simbahan, ang Parokya na nagsisilbing pamilya ni Kristo bilang kanyang mga alagad at lingkod. Tunay na sa pagtutulungan ng bawat isa ay may pagkakataon ang lahat na mapalago at mapatatag ang pananampalataya sa harap ng maraming hamon sa buhay. Inaabot man tayo ng unos sa ating pansariling pamumuhay ay nairaraos pa rin natin ang mga ito at nakatutulong tayo sa iba na naghahanap ng liwanag buhat kay Kristo.

Sa panahon ng Kapaskuhan, tinuturuan tayo na magsilbing liwanag ni Kristo sa bawat isa. Sapagkat tayo mismo ay mga instrumento ng Panginoon upang maisakatuparan ang Kanyang naisin para sa atin at maipadama ang pagmamahal Niya sa iba. Tayo nawa ay maging buo sa Kanyang pagtawag sa atin na tumugon sa paglilingkod. Dito ay tunay na makikita ang liwanag ng Diyos para sa lahat.

# TAONG 2020: INILAAN BILANG "YEAR OF INTERRELIGIOUS DIALOGUE, ECUMENISM AND INDIGENOUS PEOPLE"

Bawat tao ay may kakayahang pumili ng Kanyang relihiyon, at ang relihiyon na Kanyang pipiliin at susundin ay sang-ayon sa Kanyang paniniwala. Itinuturo ng Inang Simbahan na ang mga mananamapalataya ay mabigyan ng pagkakataon na ipahayag ang pananampalataya sa isang malayang pamamaraan.

Subalit hindi lamang iisa ang relihiyon sa daigdig. Kinikilala ng Simbahang Katoliko ang pangangailangan nito na makipag-dayalogo at makipag-ugnayan sa ibang pananampalataya. Upang tumugon sa pangangailangang ito, ang taong 2020 ay inilaan bilang "Year of Interreligious Dialogue, Ecumenism and Indigenous People."

Isinusulong ng Simbahan ang aktibong pakikipag-ugnayan dahil ito ang pangunahing susi sa pagkakamit ng kapayapaan sa mga sumusunod sa ibang relihiyon. Mahalaga ito lalo na sa mga lugar na hinahati ng relihiyon ang mga mamamayan at kung saan laging nahaharap sa persekusyon ang mga Kristiyano na nasa mga lupain na hindi kinikilala si Kristo.



Binibigyang pagkakataon din nito ang Simbahan na maipahayag sa ibang may pananampalataya ang nais nito ng pagkakaroon ng kapayapaan at pagtulong sa mga mahihirap. Mas malaki ang maaabot ng Simbahan sa pananampalataya kung ang mga kasapi nito ay kinikilala at iginagalang sa mga lupaing hindi laganap ang Kristiyanismo. Gayundin naman ang Simbahan din ay may pagkakataon na ipahayag ang Mabuting Balita sa mga relihiyon na nais marinig ito.

Nawa'y sa taong ito maipakita natin ang paggalang, pagiging bukas at pagbibigayan hindi lamang sa mga kapanalig natin sa pananampalataya kundi maging sa labas ng ating Simbahan. Mismong si San Pablo ay lumapit din sa mga Hentil at ipinahayag si Kristo sa kanila. Maging halimbawa natin siya sa kanyang dedikasyon, pagsusumikap at pananampalataya sa kabila ng pagkakaiba -iba ng mga taong kanyang pinaglingkuran.

# PAMASKONG HANDOG 2019: PATULOY NA PAGBIBIGAYAN, ATING PAG-ALABIN

Naging matagumpay na naman ang isang panibagong Pamaskong Handog ngayong taon.

Ipinagpatuloy ng Parokya ang tradisyon nitong mamahagi ng tulong sa mga kapus-palad nating mga kababayan na naninirahan sa mga barangay na nasasakupan ng ating Simbahan. Namahagi ng mga Noche Buena items para sa kanila upang maramdaman nila ang pagmamahal at habag ng Diyos sa pamamagitan ng ating pagtutulungan.

Tuwing buwan ng Setyembre sinisimulan ang pag-iipon ng mga maipapapamahagi sa buwan ng Disyembre, ilang araw bago sumapit ang Araw ng Pasko.

Ang mga nagsisimba sa Parokya ay inaanyayayahan na magbahagi ng tulong sa pamamagitan ng pagbili ng mga pre-packed items na maaari nilang ialay sa misa. Ang mga nasabing alay ang ibibigay sa mga mahihirap nating kababayan.

Bukod dito, bukas din ang Simbahan sa mga nagnanais mag-sponsor ng mga ibibigay na pamasko. Ito ang karaniwang ginagawa ng Marby's na walang sawang nagbabahagi ng mga tinapay na maidaragdag sa mga kababayan natin. Ilang taon na rin silang tumutulong sa ating mga programa tuwing Pasko.

Patuloy tayong tinatawagan na maging matulungin sa kapwa sa panahon ng Kapaskuhan kung hindi man sa materyal na bagay ay sa mga bagay naman na hindi materyal tulad ng oras at pisikal na pagtulong. Ito ang pagkakataon na tayo ay kinakailangan na magkaisa upang maipadama natin sa mga nangangailangan ang pagmamahal ng Diyos sa kanila sapagkat ang Bayan ng Diyos ay hindi lamang nabubuo dahil sa panalangin kundi maging sa pagtutulungan ng bawat isa.

Sa pamamagitan ng pagiging isa sa Parokya, tayo ay nabubuo bilang isang pamayanan na naglilingkod, nagtutulungan at nagsasabuhay ng pagmamahal ni Kristo.









## SURI-PELIKULA

# THE TWO POPES: ISANG PELIKULA NA HIGIT PA SA DALAWANG PAPA ANG ISTORYA



Isang pelikula ukol sa Simbahan ang inilabas kamakailan lamang sa Netflix. Ang "*The Two Popes*" ay isang kwento ukol sa dating Santo Papa Benedicto XVI at sumunod at kasalukuyang Santo Papa Francisco (Jorge Cardinal Bergoglio bago siya nahalal).

Magkaiba man ang kanilang pananaw at nakitaan man ng mga eksena ng pagtatalo sa pelikula ang dalawang lider ng Simbahan, sa huli ay nagkaroon sila ng kaliwanagan sa pagkakaiba nila na naging daan upang magbigay daan si Benedicto XVI kay Francisco bilang susunod na Santo Papa.

Kathang-isip man ang mga pangyayari rito, ito ay nagbibigay ng kaliwanagan hindi lamang sa papel ng Santo Papa kundi maging sa tinatahak nitong mga suliranin at mga isyu. Naging tampok din ang kahinaan at kalakasan ng dalawang lider na kung saan ipinapaalala sa bawat isa ang pagiging tao ng lider ng Simbahan.

Inaanyayahan ang lahat na mapanood ang magandang pelikulang ito dahil tiyak kapupulutan ito ng aral sa kapakumbabaan, pananampalataya at pagsunod kay Kristo.

# MGA BAGONG OPISYAL NG PPC, NANUMPA NA SA TUNGKULIN



Pormal nang nanumpa sa tungkulin ang mga opisyal ng Parish Pastoral Council para sa taong 2019-2021.

Noong umaga ng 24 Nobyembre 2019, Kapistahan ng Kristong Hari, pormal na nanumpa at ipinakilala ang mga bagong talagang PPC officer na mamumuno sa mga organisasyon at tutulong sa Kura Paroko sa pamamahala ng Parokya. Ang mga sumusunod na mga opisyal ng bagong PPC ay ang mga sumusunod:

**PPC Executive Committee**

- PPC Chairperson - Fr. Dario V. Cabral
- Parochial Vicar - Fr. Ronald Rey H. Mangon
- Co-Chairperson - Juanito Enriquez
- Vice Co-Chairperson - Maria Theresa Valderama
- Secretary - Mary Grace Caluag
- Assistant Secretary - Melvin Mercado
- Treasurer - Teresita Mendoza-Hernandez
- Assistant Treasurer - Gemma Gaspar
- Auditor - Crisanta Santos
- Assistant Auditor - Victorina Pagsibigan
- P.R.O. (External Affairs) - Ryan Virgino
- P.R.O. (Internal Affairs) - Lisette Adriano
- Legal Counsel - Atty. Eden Bautista
- Parish Manager - Bobby Adriano
- Immediate Co-Chairperson - Arch. Aaron Solis

**Sub-Parish Pastoral Council**

- SPPC Anilao - Macario Sebastian
- SPPC Caingin - Teresita Adriano
- SPPC Catmon - Lorvie Cruz
- SPPC Liang - Bernadette Reyes
- SPPC San Agustin - Ma. Ethel A. Solis
- SPPC San Gabriel - Leda Flores

**Commission Heads**

- Liturgy - Carlo Antonio Roque
- Formation - Cynthia Manalaysay
- Family and Life - Bobby and Doris Adriano
- Laity and BEC Head - Jaime "West" Bartlett
- Youth - Johbelle Pagtalunan
- Service - Leilani Reynoso
- Social Communications - Atty. Eden Bautista
- Temporalities - Gemma Gaspar
- Cultural Heritage and Preservation - Olive Almario, Teresita Adriano, Josefina Crisostomo and Ruel Paguiligan

Inaasahan ang pagbibigay ng suporta sa mga bagong halal na opisyal ng PPC para sa lalong ikabubuti ng ating Parokya.

# KAPISTAHAN NG KRISTONG HARI IPINAGDIWANG NG PAROKYA



Ipinagdiwang ng Parokya ang Kapistahan ng Kristong Hari nitong 24 Nobyembre 2019. Tulad ng nakagawian, isang bisita mula sa mga SPPC ng simbahan ang magsisilbing punong abala sa paghahanda ng mga gawain para sa nasabing okasyon.

Ang paghahanda ng Kristong Hari ay pinangunahan ng Sub-Parish Pastoral Council ng Barangay Liang.

Bilang paghahanda sa kapistahan, nagsagawa ng mga misa-nobenaryo sa kapilya ng Liang at sa Simbahan ng Barasoain.

Sa gabi ng bisperas ng Kapistahan, nagsagawa ng Pagpaparangal sa Banal na Sakramento mula ika-6 ng gabi hanggang madaling araw ng kapistahan. Matapos ito ay nagsagawa ng prusisyon ng Banal na Sakramento mula sa Bisita ng Liang patungo sa Simbahan ng Barasoain kung saan ito ay sinalubong ng mga mananampalataya at nagsagawa ng isang misa bilang pagpupugay.

Nagpapasalamat ang Sub-Parish Pastoral Council ng Liang sa mga tumulong at naging daan upang maisakatuparan ang nasabing mga gawain para sa Araw ng Kapistahan ng Kristong Hari.

# TUWA, PAG-ASA, HATID NG BAGONG DEKADA

Sa pagpasok ng taong 2020, ang Parokya ay sumalubong hindi lamang ng isang panibagong taon kundi maging isang panibagong dekada na pupunuin ng mga alaala at karanasan.

Baon ng taong 2020 sa lahat ang pag-asa na magkakaroon ng mas maayos na pamumuhay, pamunuan at katatagan para sa lahat ng mga mananampalataya lalo na yung mga nasalanta at dumaan sa mga paghihirap ng mga nagdaang taon.

Sa kabila ng mga naganap na hamon, patuloy pa rin ang mga mamamayan ng Parokya na nagdiwang dala ang mga ngiti at liwanag sa kanilang mga puso na ang susunod na taon at dekada ay magbubunga ng maganda para sa lahat.

Nawa'y patuloy nating ipagdasal ang ating Parokya at ang ating mga mahal sa buhay sa pagpasok ng bagong taon. Maging matatag nawa tayo sa mga hamon, magpasalamat sa mga biyaya at huwag makalilimot sa mga natatanggap nating mga grasya mula sa kalangitan. Pagpalain nawa ang bawat isa.

# PASKO AT MUKHAAN KONG NAKITA KO SI KRISTO

*Sa panulat ni Sis. Cynthia Manalaysay*

Ilang taon na ding naging tradisyon sa ating Parokya ang "Pamaskong Handog," limang taong singkad na nga yata ang nagdaan mula nang ito ay pasimulan ng ating butihing Kura Paroko-Reb.P.Dars Cabral, kung saan, ang hindi maikakailang tampok na kaibahan nito ay ang pagbibigay ng "hamon", kasama ang spaghetti package at tinapay. Sa maraming pagkakataon, pangkaraniwan nga ang pamimigay ng noche-buena package, subalit sa Parokya ng Nuestra Senora Del Carmen, ang paghahanda sa ipamimigay, pagpili ng mga parokyanong tatanggap nito at ang mismong, araw ng pagtanggap ay isang kakaibang karanasan ng Komiti na nagtulong tulong sa ikapagtatagumpay ng gawain, gayundin sa mga naging benepisyaryo ng Pamaskong Handog 2019. Bakit nga ba ito kakaiba?

Isang kakaibang karanasan ito para sa ating mga kapatid na dukha at mga may kapansanan sapagkat bago tinanggap ang noche buena package, nauna nang mairegalo sa kanila ang tunay na diwa ng Pasko sa pamamagitan ng isang Parish Recollection na pinangunahan ni Bro. Bernard Factor Canaberal - isang tanyag at napakahusay na Tagapagsalita. Halos walang pagsidlan ang dami ng mga dumalo noong 23 Disyembre at isa itong kapahayagan ng Kadakilaan ng Diyos para sa ating Parokya.

Noong mismong araw ng pamimigay ng pamaskong handog, matapos ang pagdiriwang ng Banal na Misa, iba't-ibang anyo ng pasasalamat ang nasaksihan ng komite; may masayang mukha ang nasilayan habang sinasambit ang "Salamat po!" Mayroon namang nangingilid ang luha habang nagpapasalamat, yung ilan ay halos walang masabi, tikom ang bibig subali't nakangiti ang mga mata at maaliwalas ang mukha, bakas ang pasasalamat sa biyayang natanggap. May iba na habang nagpapasalamat ay mahigpit nilang yakap-yakap ang package, sinasambit ang ngalan ng Diyos, tanda ng pagkilala sa Kanyang kabutihan at pagpapala.

Sa isang gawaing gaya nito,sa iba't ibang kaparaanan ay naipamalas ng bawat isa ang diwa ng isang makahulugang pagdiriwang ng Pasko. Magaan sa kalooban na maghandog upang ang ilan ay makatanggap, masayang naglingkod upang ang kapawa ay mapaligaya. Tunay na ang pagdiriwang ng Pasko sa ating parokya ay naghahatid ng isang karanasan kung saan, sa puso ng bawat parokyano, maituturing nang "mukhaang nakita si Kristo!"

Salamat O, Diyos sa pagpapakita mo sa aming lahat sa pamamagitan ng Pamaskong Handog 2019. Patuloy Mo pong pagpalain ang Iyong Parokya, Amen.

# RETROFITTING NG SIMBAHAN, PATULOY



Patuloy na isinasagawa ng mga miyembro ng *contractor* ng NHCP ang pagsasaayos ng mga pasilidad at pagpapatibay sa Simbahan ng Barasoain.

Sa loob ng siyam na buwan ay magpapatuloy ang mga isinasagawang renobasyon at pagkukumpuni sa mga bahagi ng simbahan upang hindi ito bumagsak sakaling tamaan ito ng lindol. Kasama rin sa pagsasagawa ng restorasyon ang pagre-rewiring ng mga kable ng kuryente, CCTV at internet sa loob ng simbahan.

Isa sa mga pangunahing bunga ng nasabing restorasyon ay ang mas mabilis na pagbubukas at pagsasara ng mga telebisyon sa Parokya kung saan isang switch na lamang ang kinakailangan upang buksan ang 4 na telebisyon sa kaliwang bahagi (kung nakaharap sa altar). Inaasahan pagkatapos ng Pasko ay isusunod na ang kanang bahagi.

Nagpapatuloy din ang pagpapalit ng mga nasirang kahoy at pagpipinturang muli ng mga kisame at pader sa Simbahan. Magsasagawa rin ng reconstruction ng bell control unit ang mga kawani ng NHCP sa loob ng COSC Techroom upang ibaon ito sa pader at maitago ang mga wiring nito sa labas.

Isa rin sa mga pagbabagong naganap sa Barasoain ay ang pagkakabit ng mga streetlights sa patio ng simbahan. Ang mga nasabing ilaw ay may disenyo na kahalintulad noong panahon ng mga Kastila upang maging akma sa tema ng paligid ng Simbahan.

# COSC PATULOY NA TUMATANGGAP NG MGA PROJECTIONISTS

Patuloy na tumatanggap ng mga volunteer projectionists ang Commission on Social Communications o COSC ng Parokya.

Ang nasabing mga projectionists ang nagpapatakbo ng mga PowerPoint presentation na ginagamit sa mga misa. Sila rin ang naaatasang magpatakbo ng mga video sa mga LED monitor na matatagpuan sa loob ng Simbahan.

Ang kwalipikasyon sa nasabing posisyon ay ang mga sumusunod: (1) May kasanayan sa paggamit ng kompyuter, (2) May kaalaman sa mga bahagi ng misa at (3) Handang matuto sa mga pagsubok na ibibigay sa mga nagsasanay.

Ang mga nagnanais sumali sa nasabing pangkat ay maaaring magtungo sa opisina ng parokya o makipag-usap sa mga miyembro ng COSC na matatagpuan tuwing oras ng misa. Maaari ring magpadala ng personal message sa Facebook page ng parokya ang mga nagnanais na sumali sa pangkat.

# MGA KABATAAN, NAGPAKITANG-GILAS SA PRODUKSYONG "THE GREATEST SHOWMAN"

Muli na namang ipinakita ng mga kabataan ng Parokya ang kanilang husay sa pag-arte matapos ang matagumpay na produksyon ng "The Greatest Showman: A Musical Adaptation" na isinagawa sa patio ng simbahan nitong Disyembre.

Ang mga kabataan, suot ang kanilang mga naggagandahang mga kasuotan dala ang kanilang kakayahang umarte ay natunghayan ng mga Parokyano sa kanilang produksyon. Marami ang namangha sa kanilang husay sa pagganap ng kanilang mga tauhan sa entablado at sa galing ng mga nagtatrabaho sa likod ng kurtina upang maging maayos ang pagtatanghal.

Matatandaan na laging nagpapalabas ang mga kabataan ng mga produksyon tuwing Semana Santa at Kapaskuhan bilang handog sa mga Parokyano tuwing mga panahong ito. Ilan na sa mga naipalabas nilang mga pagtatanghal ay ang "Senakulo "tuwing Mahal na Araw, "Jesus Christ Superstar," "Disney Princesses" at ang huli ay ang "The Greatest Showman."



# MGA BALITANG PAMPAROKYA




## LIBRENG ULTRASOUND, INILUNSAD

Nagbigay ng libreng ultrasound ang Knights of Columbus sa mga buntis na mga ina noong Kapistahan ng Kristong Hari, 24 Nobyembre 2019. Ang nasabing gawain ay isa mga serbisyong publiko na handog ng nasabing organisasyon para sa publiko. Isinagawa ang programa sa Multi-Function Hall ng Simbahan ng Barasoain. Ang nasabing programa ay "First Come, First Serve" basis para sa mga dumalo.

## DALAWANG AKLAT, INILABAS NI PADRE CABRAL PARA SA PASKO

Dalawang aklat ang inilabas ni Reb. Padre Dario V. Cabral nitong nagdaang Pasko. Ang una ay ang "A Scream to the Heavens" at ang "Simbang Gabi 2019." Ang mga nasabing aklat ay pormal na inilunsad sa isang simpleng programa noong ika-11 ng Disyembre 2019 na dinaluhan ng mga malalapit na mga kaibigan, kamag-anak at maging ng bagong Obispo ng Malolos na si Lub. Kgg. Dennis C. Villarojo. Ang nasabing mga aklat ay mabibili sa opisina ng Parokya sa halagang PHP 250 para sa "A Scream to the Heavens" at PHP 200.00 para sa "Simbang Gabi 2019."






## KONSYERTO NG PARISH MUSIC MINISTRY, MATAGUMPAY

Naghandog ng isang libreng konsyerto ang Parish Music Ministry noong ika-28 ng Disyembre 2019, Sabado. Ang nasabing pagtatanghal ay upang maitampok ang talento ng iba't ibang koro na nasa pinamumunuan ng nasabing organisasyon sa Simbahan. Ang mga umawit na koro ay ang Queen of Heaven's Choir, Himig Muntinig Childrens' Chorus, Coro Cantantes, Acts 1:12, Koro Barasoain at Amici Christi Choir.

## PAROKYA, NAKIISA SA RED WEDNESDAY

Nakiisa ang Barasoain sa 2,000 parokya na lumahok sa naganap na Red Wednesday nitong 27 Nobyembre 2019. Ang nasabing kampanya ay upang ipakita ang pagdurugo ng Simbahan para sa mga kasapi nito na humaharap sa persekusyon dahil sa kanilang pananampalataya. Bilang pakikiisa, iniliwan ang simbahan ng kulay pula na sumisimbolo sa kulay ng dugo. Maging ang mga Parokyano na dumalo ay inanyayahan na magsuot ng pula bilang pakikiisa.





## SECOND COLLECTION, ISINAGAWA PARA SA MGA APEKTADO NG TAAL

Ipinatupad ang second collection para sa biktima ng pagsabog ng Bulkang Taal nitong buwan ng Enero. Ang mga malilikom na pondo ay gagamitin upang mapagbigay ng mga donasyon para sa mga nasalanta na kababayan natin sa lalawigan ng Batangas. Samantala, ipinagpapatuloy pa rin ang pagdadala ng mga donasyon ng iba't ibang grupo sa mga naapektuhan.

# ANG KAHALAGAHAN NG INTERNET SA PAGPAPALAGANAP NG MABUTING BALITA




Malaki ang ginagampanan ng Internet sa kasalukuyang pamumuhay ng tao. Karaniwan nang kumukuha ng impormasyon ang tao sa Internet hindi tulad ng dati na kinakailangan pang magbasa ng diyaryo, manood ng telebisyon o makinig ng radyo kung nais nating may malaman sa ating kapaligiran.

Isang pindot lang ika nga, alam na natin ang lahat.

May mabuti at masamang epekto ang paggamit ng Internet. Sa kabutihan, napabibilis nito ang pagkuha natin ng impormasyon dahil isang "click" lang nariyan na sa harap natin ang gusto nating malaman. Sa kabilang dako naman, marami ring lumalaganap na "fake news" ngayon sa mga social media websites tulad ng Facebook at Twitter.

Ngunit tulad ng ibang midyum sa komunikasyon, maaari ring maibahagi ang Mabuting Balita sa pamamagitan ng teknolohiyang ito.

Maraming mga website ngayon ang layunin ay maipalaganap ito. Katunayan, ang Bibliya, at ang iba't-ibang bersyon nito ay matatagpuan na sa Internet at may sariling search engine na rin ang Bibliya na kung saan pwede mong hanapin ang bawat bersikulo at mga nilalaman nito gamit lamang ang mga salitang naaalala natin kagaya ng Google.

Ang paggamit din ng Internet ay nagbigay-daan upang mapalaganap ang alternatibong midya sa pagtuturo ng Mabuting Balita. Posible na ngayong manood ng video at makinig sa mga podcasts na dati ay kinakailangan pa nating abangan sa telebisyon at radyo. Ngayon kahit anong oras ay pwede na natin itong buksan.

Maraming parokya na rin ang naglagay ng presensya sa Facebook at website tulad ng Barasoain Church. Sa katunayan, kilala ang Barasoain sa larangang ito dahil isa ang Parokya sa may pinakakumpletong presensya sa Internet at social media. Ang pahina ng Barasoain sa Facebook ay may likes na 14 000 at ang website ng Barasoain ay patuloy na binubuksan hindi lamang sa loob kundi maging sa labas ng bansa lalo na ng mga nagnanais magpakasal.

Tunay na maraming kapakinabangan ang paggamit ng Internet sa Parokya. Subalit, kung mayroon itong kabutihan, nararapat din na bigyang-pansin ang mga negatibong epekto nito.

Nagiging paraan ang Internet upang makapambully sa mga tao. Lalo na at hindi naman nakikilala agad ang mga nambubully or kung minsa'y nagkakaroon ng pagbabanta para lamang mapasunod ang biktima.

Nagkakaroon din ng oportunidad sa pagpapalaganap ng mga pekeng balita lalo na sa Facebook. Marami ang naniniwala sa mga balitang ito na nagreresulta sa baluktot na paniniwala ng karamihan sa atin.

Higit sa lahat, maraming mga nabibiktima ng pamemeke o panggagaya ng pagkakakilanlan lalo na kapag may pera nang sangkot sa isang isyu.

Ang paggamit ng Internet ay nakabubuti ngunit dapat din nating tandaan na gaya ng ibang bagay, mayroon din itong mga suliraning dala. Kinakailangan na magkaroon tayo ng kakayahan na suriin ang paraan ng paggamit ng isang teknolohiya upang ito ay mapakinabangan at hindi magamit upang makapanakit o makasama ng ibang tao. Sa bandang huli, nasa gumagamit din ang magiging bunga ng kanyang mga aksyon sa Internet.

## ANG ESKAPULARYO

**EDITOR-IN-CHARGE**: ALVIN V. ZALZOS

**CONTRIBUTORS**: CHRIS O. ARELLANO, MARY GRACE CALUAG, WEST BARTLETT, ATTY. EDEN C. BAUTISTA, LYANNE MALONZO JIMENEZ AND BENJIE ILAG

**ADVISER**: REV. FR. DARIO V. CABRAL

**DEPARTMENT OF SOCIAL MEDIA AND PUBLICATIONS**
COMMISSION ON SOCIAL COMMUNICATIONS—BARASOAIN CHURCH
MALOLOS CITY, BULACAN | 044-794-4340 | www.barasoainchurch.org

## SPONSOR

ANG PAHAYAGANG ITO AY NAILATHALA DAHIL SA KABUTIHANG LOOB NI:

**ATTY. EDEN C. BAUTISTA**